



U.S. Department of Justice

Civil Rights Division

civilrights.justice.gov

Isang Impresyon ng Progreso sa Pag-abot ng Wika ng Pederal na Ahensya

Isang Paunang Pagsusuri ng Mga Plano sa Pag-abot ng Wika ng 40 na Pederal na Ahensya

Noong Nobyembre 21, 2022, naglabas ang Attorney General (pangkalahatang abogado) ng isang Memorandum (sulat para sa lahat) na pinamagatang "[Strengthening the Federal Government's Commitment to Language Access \(pagpapalakas ng pangako ng pederal na pamahalaan sa mga plano sa pag-abot ng wika\)](#)," na nagdidirekta sa mga pederal na ahensya na i-update ang kanilang mga plano sa pag-abot ng wika. Mahigit sa 40 na pederal na ahensya ang sumagot sa tawag ng Attorney General. Nitong nakaraang taon, ang Federal Coordination and Compliance Section (FCS) (seksyon ng pederal na koordinasyon at pagpapatupad) ng Civil Rights Division (dibisyon ng karapatang pangsigal) ay nakipagtulungan sa mga pederal na ahensya para i-update ang kanilang mga plano sa pag-abot ng wika at nagbigay ng detalyadong feedback at indibidwal na teknikal na tulong gamit ang isang 33-na punto na checklist batay sa [Language Access Assessment and Planning Tool \(kasangkapan sa pagtatasa at pagpapalano sa pag-abot ng wika\)](#) nito. Sinuri namin ang mga tugon sa mga pederal na ahensya upang matukoy ang mga paunang uso at patuloy na mga hamon sa pagbibigay sa mga tao na may limited English proficiency (LEP) (limitadong kasanayan sa Ingles) ng makahulugang pag-abot sa mga pederal na isinasagawang programa at aktibidad. Nirerepaso ng aming pagsusuri ang mga plano sa pag-abot ng wika na isinumite sa Departamento ngunit hindi pinal. Ang mga paunang impresyon na ito ay nakakatuong na matukoy ang mga lugar para sa pagpapabuti, lalo na habang ang mga pederal na ahensya ay sumusulong patungo sa pagpapatupad. Kinikilala at pinupuri din namin ang makabuluhang pagsisikap ng pederal na ahensya na malampasan ang mga hadlang sa wika.

Isang Kilusan Tungo sa Pagtatag at Pagtukoy ng Mga Dedikadong Language Access Coordinators (tagapag-ugnayan sa pag-abot ng wika) ng Pederal na Ahensya

Sa loob ng huling dalawang taon, apat na ahensya ang nagtalaga ng mga buong-pederal na ahensya na mga language access coordinators sa unang pagkakataon: ang mga Kagawaran ng Agrikultura, Pangkalusugan at Mga Pantaong Serbisyo, Hustisya, at Paggawa. Ang pagtatag ng dedikadong nakatataas na mga tauhan sa pag-abot ng wika ay nakakatuong upang matiyak ang pare-pareho at koordinadong pangangasiwa at pagpapatupad ng mga patakaran at pamamaraan sa pag-abot ng wika. Hinihikayat namin ang paghirang ng mga tagapag-ugnay at inirekomenda na ang lahat ng pederal na ahensya ay magsama ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga tauhan sa pag-abot ng wika upang mas mahusay na ipaalam at matugunan ang mga alalahanin sa pag-abot ng wika mula sa publiko at kawani.

Isang Patuloy na Pangangailangan na I-verify ang Katumpakan at Kalidad ng Mga Serbisyo ng Pagtulong sa Wika

Ang pagtiyak sa kalidad at katumpakan ng mga serbisyo ng pagtulong sa wika na ibinibigay ng mga pederal na ahensya ay kritikal. Habang halos kalahati ng draft (nakaplano) na mga plano sa pag-abot ng wika na sinuri ng FCS ay may kasama nang mga pamantayan sa pagkontrol sa kalidad, hinikayat namin ang lahat ng ahensya na gawin ito. Maaaring ipagpatuloy ng mga pederal na ahensya ang pagpapabuti sa kontrol ng kalidad sa pamamagitan ng pagtatag ng mga pinakamababa na kwalipikasyon upang matiyak ang kakayahan ng mga linguist (daluhasa sa wika), masuri o kung hindi man ay mapatunayan ang kasanayan sa wika ng mga bilingual (dalubhasa sa dalawang wika) na empleyado at kumpirmahin ang katumpakan ng anumang mga serbisyo ng tulong sa wika na ibinigay (halimbawa dobleng pagsuri o pana-panahong pag-awdit ng naisalin na nilalaman). Ito rin ay isang pinakamahasag na kasanayan upang ilarawan kung paano kinukuha, tinatanggap, kinikilala, tinatasa, at sinasanay ang mga bilingual na kawani.



U.S. Department of Justice Civil Rights Division

civilrights.justice.gov

Paghihikayat sa Mga Ahensya na Sanayin ang Mga Kawani Kung Paano Makipag-ugnayan sa Mga Taong may LEP

Ang pang-araw-araw na pagbibigay ng mga serbisyo na tulong sa wika ay umaasa sa kaalaman at kasanayan ng mga tauhan na nakikipag-ugnayan sa mga taong may LEP. Upang magbigay ng makabuluhang pag-abot sa mga taong may LEP, ang mga kawani ay dapat sanayin sa mga patakaran at pamamaraan sa pag-abot ng wika, kabilang ang kung paano maabot ang mga serbisyo ng tulong sa wika. Inirerekomenda namin na marami sa mga plano ang mag-aalok ng higit pang detalye sa pagsasanay sa pag-abot ng wika para sa mga empleyadong nakaharap sa publiko. Sa pinakamababa, dapat na alam ng mga kawani ng ahensya na nakaharap sa publiko kung paano matukoy kung ang isang tao ay LEP at ang kanilang mga pangangailangan sa wika, alam kung paano kumuha ng mga pang-ahensyang serbisyo ng tulong sa wika (halimbawa kung saan matatagpuan ang mga pagsasalin), at maunawaan ang pinakamahusay na kasanayan na may kinalaman sa interpretasyon at pagsasalin.

Mga May Pag-asang Pagsisikap na Isalin ang Digital na Nilalaman

Hiniling ng Attorney General sa mga ahensya na isalang-alang kung maaari nilang iakma ang kanilang mga digital na komunikasyon upang tanggapin ang mga taong may LEP. Ang isinalin na digital na nilalaman ay mahalaga dahil ito ay madalas na unang punto sa pagpasok sa mga miyembro ng publiko na nais matuto sa aming mga programa at serbisyo. Ang aming pagsusuri ay nakasisigla: hindi bababa sa tatlong-kapat ng draft na mga plano sa pag-abot ng wika ng mga pederal na ahensya ang naglarawan kung paano nila ginawa o isasama ang isinalin na nilalaman sa kanilang mga digital na plataporma. Ang ilan sa mga planong ito ay nagbigay ng mga detalyadong paglalarawan kung paano ipakalat ang multilingual (maraming wika) na nilalaman sa pangkalahatang publiko. Hinikayat namin ang iba pang mga pederal na ahensya na sundin ang pangunguna na ito at suriin ang [Digital Services \(mga digital na serbisyo\)](#) at [Websites \(mga pahina sa online\)](#) na bahagi ng LEP.gov.

Ang Patuloy na Pangangailangan na Isalin ang Mga Mahahalagang Dokumento

Ang tagumpay na mga pagsisikap ng pamahalaan na epektibong makipag-ugnayan sa mga miyembro ng publiko ay nakasalalay sa malawak at walang diskriminasyong pagkakaroon ng tumpak, napapanahon, at mahalagang impormasyon. Kasama sa mga "mahahalagang dokumento" ang parehong papel at elektronikong materyal na naglalaman ng kritikal na impormasyon para sa pag-abot sa mga programa o aktibidad ng ahensya o kung hindi man ay kinakailangan sa batas. Ang mabilis at tumpak na komunikasyon ay partikular na mahalaga sa panahon ng malalaking sakuna at mga pampublikong pangkalusugan na emergency. Halos dalawang-katlo ng draft na mga plano ng pederal na ahensya na aming sinuri ay may kasamang mga probisyon para sa pagsasalin ng mahahalagang dokumento. Tatlumpu't limang porsyento ng mga ahensyang ito ang nagbigay-prioridad sa pagsasalin ng mahahalagang dokumento sa

Kamakailan na Mga Pagsisikap na Isama ang Mga Pangangailangan ng Mga Taong may Kapansanan

Bilang pagkilala na ang mga nagsasalita ng American Sign Language (ASL) (pangsenyas na wika ng America) at iba pang mga pangsenyas na wika ay maaari ding humarap sa mga hadlang sa wika, maraming mga plano sa pag-abot ng wika ang nagsimulang tumugon sa mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan. Dalawampu't limang porsyento ng draft na mga plano ng pederal na ahensya na natanggap namin ay sinangguni ang mga taong may mga kapansanan. Bagama't maaaring magkaiba ang legal na balangkas, pangangailangan, at solusyon sa pagitan ng mga taong may kapansanan at mga taong may hadlang sa wika batay sa bansang pinagmulan, hinihikayat kami ng kilusang ito tungo sa pagiging inklusibo.